

KIAN Kumusta Kawasaki

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koreyano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 <http://www.kian.or.jp/> E-mail: kiankawasaki@kian.or.jp

Magsisimula ang bagong sistema ng Pangunahing Rehistrasyon ng Residente para sa mga dayuhan mula Ika-9 ng Hulyo , 2012 (Abolisado ang umiiral na Alien Registration System)

- Bibigyan din ang mga dayuhang naninirahan ng “Jyu min Hyo / Sertipiko ng paninirahan” tulad ng mga Hapones mula Ika-9 ng Hulyo.
 - Pagkatapos ng Ika-21 ng Mayo , ipapadala sa tahanan ng mga dayuhan na nagrehistro bilang dayuhang residente ang mga ‘ Kari Jyumin Hyo / Pansamantalang sertipiko ng paninirahan”.
 - Basahin ang nilalaman ng “Kari Jyumin Hyo” at kung may kailangan ayusin , pumunta lamang sa tanggapan ng Alien Registration sa Ward / branch office (Kung walang dapat ayusin hindi kailangang pumunta)
 - Kahit na nag-rehistro na sa alien registration, kung tapos na ang panahon ng pamamalagi hanggang noong Ika-8 ng Mayo o kaya kung ang visa ay “short stay” , ipapadala ang “Taisetsu na Oshirase (Mahalagang abiso)”
 - Kung tumanggap ng “Taisetsu na Oshirase” kailangang pumunta sa Immigration upang baguhin ang visa o panahon ng pamamalagi.
 - Ang ‘Kari Jyumin Hyo” at “Taisetsu na Oshirase” mula sa Kawasaki City ay ipapadala sa pamamagitan ng Kan-i Kakitome(Recorded Delivery).
-Ito ay ipapadala bawat indibiduwal. (halimbawa kung 4 kayo sa bahay ipapadala ang apat na sobre) .
-Sa bawat mga sobre may pamphlet na nagpapaliwanag sa iba’ t ibang wika(Ingles, Intsik, Koryano, Portuges, Espanyol, at Tagalog) .ukol sa pagbabago nito, kaya’t basahing mabuti
- Katanugan : Kawasaki-shi Kari Jyumin Hyo Call Center (Puwedeng gamitin ang 6 na wika sa itaas)
Tel:0570-01-0002 (Ika-21 ng Mayo- Ika-28 ng Septyembre 9 : 00~17 : 00 *Walang operasyon sa Sabado, Linggo at holidays)

Ika-18 America • Harvard University Acapella Group “Krokodiloes” Concert

Taun-taong ginaganap ang konsiyertong Akapela ng mga lalaking mag-aaral ng Unibersidad ng Harvard. Mayroon din pagsasalu-salo pagkatapos ng konsiyerto.

【Kailan】 : Ika-16 ng Hulyo 2012 (Sabado)

【Oras】 : **Konsiyerto** : 14:00-15:00 (tanggapan 13:30)

Pagsasalu-salo (may miryenda) : 15:30-16:30

【Saan】 : Kawasaki International Center (10 minutong lakarin mula sa Tokyu Toyoko/Meguro line Motosumiyoshi Sta.)

【Bayad】 : ●**Ticket (konsiyerto at pagsasalu-salo)** Adulto 3000yen/ Estudyante 2000yen

●**Konsiyerto lamang** Adulto 2000yen / Estudyante 1000yen

(+500 yen sa ticket na mabibili sa mismong araw ng konsiyerto)

*Upang pangalagaan ang kalidad ng konsiyerto, ipinagbabawal ang pagsasasama ng sanggol/batang hindi pa nag-aaral.

【Aplikasyon】 : Telepono , FAX,email , o Pumunta sa sa International Center.

【Paraan ng pagbayad】 : ①Cash (Pumunta sa Kawasaki International Center. Lunes-Sabado10:00-16:00) o di kaya ②Pos Opis Money Transfer Numero ng Account : 00220-3-0132617 Pangalan : Kawasaki Shi Kokusai Kouryu Center

Ipapadala ang tiket sa sandaling ma-kumpirma na ang bayad.

【 Katanugan 】 : Kawasaki International Association TEL.044-435-7000 (Lunes-Sabado 10:00-16:00)

□ **Point and Speak Bokabularyo • Paaralan 3 “Subject” (Elementary School)** □

- ① 国語 (1~6 年生)
- ② 算数 (1~6 年生)
- ③ 音楽 (1~6 年生)
- ④ 図工 (1~6 年生)
- ⑤ 体育 (1~6 年生)
- ⑥ 道徳 (1~6 年生)
- ⑦ 生活 (1・2 年生)
- ⑧ 社会 (3~6 年生)
- ⑨ 理科 (3~6 年生)
- ⑩ 総合 (3~6 年生)
- ⑪ 保健 (5・6 年生)
- ⑫ 家庭科 (5・6 年生)

- ① Kokugo (1~6 nensei)
- ② Sansuu (1~6 nensei)
- ③ Ongaku (1~6 nensei)
- ④ Zukou (1~6 nensei)
- ⑤ Taiiku (1~6 nensei)
- ⑥ Doutoku (1~6 nensei)
- ⑦ Seikatsu(1,2 nensei)
- ⑧ Shakai (3~6 nensei)
- ⑨ Rika (3~6nensei)
- ⑩ Sougou (3~6nensei)
- ⑪ Hoken (5,6nensei)
- ⑫ Kateika (5,6nensei)

- ① Wikang Hapon (grade1-6)
- ② Matematika (grade 1-6)
- ③ Musika (grade1-6)
- ④ Arts and Crafts (grade1-6)
- ⑤ P.E. (grade1-6)
- ⑥ Kagandahang asal (grade1-6)
- ⑦ Pamumuhay (grade1-6)
- ⑧ Araling panlipunan (grade1,2)
- ⑨ Siyensiya (grade3-6)
- ⑩ Pangkalahatang pag-aaral (grade3-6)
- ⑪ Araling pangkalusugan (grade5,6)
- ⑫ Araling pangtahanan (grade5,6)

2012 International Festival In Kawasaki

Ang taunang pagdiriwang na “International Festival” ay gaganapin muli ngayong taong ito. Mararanasan ang espirito ng buong daigdig sa araw na ito. May pagtatanghal, iksibisyon at tugtog ng mga performers ng iba’t-ibang bansa. Halina’t Dumalo!!!

【Araw at Oras】 : Una ng Hulyo (Linggo) 10 : 00 ~ 16 : 30
【Saan】 : Buong Kawasaki International Center (10 minutong lakarin mula sa Motosumiyoshi Sta. Tokyu Toyoko / Meguro line)

【Nilalaman】 : Ethnic Foods, World Products, Mga performances ng dayuhang naninirahan sa KAWASAKI , Mararanasan ang YUKATA , Maccha (Japanese tea) , Japanese drum performances, dances , stages Flea markets at marami pa !.

【Katanugan】 : Kawasaki International Association TEL.044-435-7000 (Lunes-Sabado 10:00-16:00)

Binago na ang tawag ng Child Allowance mula “Kodomo Teate” sa “Jidou Teate”

Mula noong Abril ng 2012 , nagsimula na ang bagong sistema ng Child Allowance (Pinansyal na tulong para sa mga bata). Kung ikaw ay sertipikado na para sa Kodomo Teate noong Ika-31 ng Marso 2012, automatikong magkaroon ng sertipiko para sa Jidou Teate sa Una ng Abril ,2012.

□ Para sa mga Kodomo Teate noong Oktubre 2011 hanggang Marso 2012 , ang panahon ng pag-aplay ay na-extend hanggang sa Ika-30 ng Septyembre 2012. Kung hindi pa natapos ang aplikasyon para sa mga panahong ito, mag-aplay lamang ng maaga. (Pagkatapos ng araw na ito hindi na matatanggap ang Kodomo Teate nito)

Para sa mga iba pang detalye tulad ng “limitasyon sa kita” o “halaga ng pagbabayad” magyaring makipag-ugnay lamang sa inyong ward office

Libreng pagpapayo para sa mga dayuhan sa Kawasaki International Center

• Oras (10:00~12:00 13:00~16:00) Telepono **044-435-7000** (Libre)

Wika	Araw
Ingles	Lunes~Sabado
Portuges	Martes/Biyernes
Koreano	Martes•Huwebes

Wika	Araw
Intsik	Martes•Miyerkoles Biyernes
Espanyol	Martes•Miyerkoles
Tagalog	Martes•Miyerkoles



• Kawasaki Ward Office

Wika	Araw	Oras
Ingles	1 st at 3 rd Huwebes	14:00~16:30
Intsik	1 st at 3 rd Martes	14:00~16:30
Tagalog	1 st at 3 rd Martes	9:30~12:00

Asao Ward office

Wika	Araw	Oras
Ingles	1 st at 3 rd Huwebes	9:30~12:00
Intsik	1 st at 3 rd Martes	9:30~12:00
Tagalog	1 st at 3 rd Miyerkoles	14:00~16:30

* Libreng konsultasyon sa Gyosei Shoshi (Wikang Hapon) Saan: Center 2nd floor conference room

• Araw at Oras: **Ika-17 ng Hunyo Sabado 14:00-16:00** (Kailangan ang reserbasyon para sa interpreter)

Ang konsultasyon sa buwan ng Hulyo ay gaganapin sa ika-1, sa International Festival